# School Year 2026 (Reiwa 8) Abiso tungkol sa Pagbibigay ng Pinansyal na Suporta para sa Pag-aaral (SHUGAKUENJO) (Suporta para Pambili ng School Supplies Bago Pumasok sa Paaralan) sa Toyota City

Maaaring makatanggap ng maaga ng mga panggastos para pambili ng school supplies sa pagpasok ang mga bagong estudyante ng Grade 1 at Junior Highschool sa susunod na taon Abril 2026 kung mag-aplay bago ang Nobyembre 30, 2025 para sa pinansyal na suporta o SHUGAKUENJO.

**Mga kundisyon para sa pinansyal na suporta sa pag-aaral (SHUGAKUENJO)**

(1) Sa mga taong tumatanggap ng pampublikong tulong o nasa public welfare (seikatsu hogo).(Hindi maaaring mag-aplay ng pambili ng mga school supplies bago pumasok. Para sa tulong sa paghahanda sa pagpasok, makipag-ugnayan sa inyong caseworker.)
(2) Sa mga taong napatigil ang pagkuha ng pampublikong tulong o seikatsu hogo
(3) Sa mga taong nasa mahirap na pangpinansyal na kalagayan (Subalit kailangang ang kabuuang kita ng lahat ng miyembro ng sambahayan (kasama ang mga hiwalay ng tirahan pero itinuturing na kapamilya) ay pasok sa itinakdang pamantayan ng lungsod ng Toyota.).

**Pamantayan sa kita**

| Bilang ng mga tao | 2 katao | 3 katao | 4 na katao | 5 katao | 6 na katao |
|---|---|---|---|---|---|
| Net income (Yen)<br>(Total income) | 2,096,000<br>3,255,000 | 2,764,000<br>4,131,000 | 3,393,000<br>4,916,000 | 3,762,000<br>5,379,000 | 4,328,000<br>6,084,000 |
| Model | Ina 35 anyos<br>Anak 8 anyos | Ama 37 anyos<br>Ina 32 anyos<br>Anak 9 anyos | Ama 37 anyos<br>Ina 35 anyos<br>Anak 9 anyos<br>Anak 7 anyos | Ama 41 anyos<br>Ina 37 anyos<br>Anak 9 anyos<br>Anak 7 anyos<br>Anak 4 anyos | Lola 65 anyos<br>Ama 37 anyos<br>Ina 34 anyos<br>Anak 9 anyos<br>Anak 7 anyos<br>Anak 4 anyos |

※Ang nasa itaas ay approximate na halaga para sa academic year 2025.
※Ang kita ay halagang nabawasan ang buwis mula sa buong suweldo at nakasulat ito sa withholding slip (gensen choshu hyo).
※Isinasama ang kita ng lahat ng miyembro ng pamilya, kahit na hiwalay ng tirahan (tulad ng mga naka-assign sa ibang lugar), basta itinuturing pa ring bahagi ng sambahayan.
※ Ang pamantayan sa kita ay maaaring mabago batay sa pagbabago ng halaga sa welfare support (seikasu hogo).

**Mga taong maaaring tumanggap ng pangbili ng mga school supplies bago ang pasukan**

Kung naangkop sa mga sumusunod na kundisyon (1)~(4).
（１）Mga taong naangkop sa kundisyon upang makatanggap ng SHUGAKUENJO (mga kundisyon sa itaas).
（２）Taong nakatira sa Toyota City.（Maliban sa taong may planong lumipat sa ibang lugar bago ang araw ng pasukan.）
（３）Magulang na may anak na papasok sa elementary o junior high school sa Toyota City sa Abril sa susunod na taon.
（４）**Mga taong nais na tumanggap ng pambili ng school supplies bago ang pasukan**.

※Kung Mag-aapply Pagkatapos ng Deadline　(Nobyembre 30, 2025)

Kung mag-aapply kayo pagkatapos ng Nobyembre 30, 2025, pero bago matapos ang Abril 2026, at maaprubahan sa Abril, ang tulong para sa pambili ng school supplies ay ibibigay sa bandang Hulyo 2026.

【Paalaala】 Hindi makakatanggap ng pambili ng gamit bago ang pasukan kung naaangkop ang alinman sa sumusunod. **Pakisuyong huwag mag-aplay.**

A　Kung lilipat kayo sa ibang lugar bago ang araw ng entrance ceremony.
B　Kung tumatanggap ng *Seikatsu-hogo(Welfare).*
C　Kung may planong magbago ang miyembro ng pamilya(gaya ng pangalawang pag-aasawa) hanggang sa entrance ceremony.
※ Kung hindi na naaangkop sa inyo ang mga kundisyon upang tumanggap ng Pinansyal na Suporta para sa Pag-aaral para ipambili ng school supplies bago ang pasukan at nakatanggap kayo nito, **kailangan ninyong ibalik ang ang lahat ng natanggap**.

## Paraan ng Pag-aapply

Ang application ay tinatanggap online gamit ang electronic system ng Aichi prefecture (tinatawag na " Graffer ").

Kung nahihirapan kayong mag-apply online, puwede ring magsumite ng papel na application form.

### 【Electronic Applications】

Gamitin ang QR code sa kanan para mag-apply online.

- Puwede kayong pumili kung Mag-register o mag-login muna bago mag-apply, o Mag-apply gamit ang email nang hindi nagre-register
- Kapag pinili ninyo ang "Mag-register o mag-login bago mag-apply", puwede ninyong i-save muna ang application kahit hindi pa tapos. Kung may kulang sa dokumento at kailangan itong ibalik sa inyo, puwede ninyong gamitin muli ang dating application (sa loob ng 30 araw) para mag-reapply nang hindi na magsimula mula sa simula.
- Kapag nakatanggap kayo ng confirmation email, ibig sabihin ay kumpleto na ang inyong pag-aapply.
- Pagkatapos ma-submit, hindi na puwedeng baguhin ang laman ng application. Kaya siguraduhing tama ang lahat ng impormasyon bago i-submit.
- Para sa detalyadong gabay kung paano mag-apply, bisitahin ang homepage ng School Education Division ng Toyota City Board of Education at hanapin ang "Manual para sa Electronic Application."
- Ang electronic application system ay puwedeng gamitin kasama ang translation feature ng inyong device (smartphone, computer, atbp.).

♦ Panahon ng Application

**Oktubre 1, 2025 9:00 AM hanggang Nobyembre 30, 2025 11:59 PM**

♦ Pag-check ng Status

Gamitin ang URL sa confirmation email para makita ang status ng iyong application.

| Status | Description |
|---|---|
| Accepted | Na-submit na ang application |
| Processing | Sinusuri pa ng Board of Education |
| Completed | Tapos na ang pagsusuri, ipapaalam sa pamamagitan ng paaralan |
| Returned | May kulang o mali sa application, tingnan ang email |
| Withdrawn | Kusang binawi ang application (pwede lang kung "Received" pa ang status) |

**Para sa detalyadong gabay kung paano mag-apply, paano i-check ang laman ng application, status ng pagproseso, at kung paano ayusin ang mga kulang o mali, pakibisita ang website ng School Education Division ng Toyota City Board of Education.**

【Website】

【Kung Gustong Mag-Apply Gamit ang Papel na Form】

Kung mas gusto mong mag-apply gamit ang paper application form, kunin at isumite ang form sa isa sa mga lugar na nakalista sa ibaba.

♦ Mga Lugar Kung Saan Maaaring Kumuha at Magpasa ng Paper Application Form

| Lugar | Ipamimigay | Pag-aaplay |
|---|---|---|
| (1) Board of Education, Gakko Kyouikuka (6F Toyota City Hall East building) | ○ | ○ Maaaring ipadala sa mail |
| (2) Public school sa Toyota City kung saan papasok ng Abril | ○ | ○ |
| (3) Para sa mga papasok sa junior high school (mga nasa Grade 6) , sa kasalukuyang pinapasukan na elementary school sa Toyota City | ○ | ○ |
| (4) Homepage ng Toyota City Board of Education | ○ Ipo-post sa Oktubre 1 | X |

♦Deadline ng pag-aaplay

Nobyembre 30, 2025 ※ Para sa mail, dapat may postmark ng araw na iyon. Para sa personal submission, hanggang Nobyembre 28 (Biyernes) lang.

♦Mga dokumentong kailangang ipasa

**Hindi makakatanggap kung may kakulangan sa dokumento, siguraduhin na kumpleto bago ipasa.**

（１） Application form para sa Pinansyal na Suporta para sa Pag-aaral(SHUGAKUENJO) (bank transfer application form) (Form 511)

（２） Confirmation slip ng bank transfer (Form 515)

（３） Sertipiko ng kita (Shotokukazeishomeisho) (Kung nakatira kayo sa ibang lugar noong Enero 1, 2025)

## Halaga ng matatanggap at Panahon ng pagbibigay

♦ Halagang Ibibigay (bawat batang papasok)

| | |
|---|---|
| Papasok sa elementary | ５７，０６０ yen |
| Papasok sa junior highschool（Grade 6) | ６３，０００ yen |

♦Panahon ng pagbibigay……Bandang katapusan ng Enero 2026

♦Paraan ng pagbibigay……Ihuhulog ang pera sa bank account ng nag-apply

## Para sa tanong/ Address kung saan ipapadala

〒471-8501
Toyota City Nishi-machi 3-60, Toyota City Hall East building 6F
Toyota City Board of Education, School Education Department
Tulong sa Pag-aaral Section
Telepono 0565-34-6661　FAX 0565-31-9145

